

## **NAGBIBIHIS NA ANG NANAY**

Naglalaro sa isip ko ang mga tanong tamang-tamang tinutuldukan ko ang isinusulat na sanaysay para sa isang kumperensiya. Kumusta naman kaya ang nangungulilang ina sa mga anak na naninirahan sa ibang bansa? Paano kaya niya gagampanan ang pagkalinga sa mga anak kahit tila hindi naman na siya kailangan? Paano na ang paniwala niyang natatapos lamang ang pag-aaruga sa mga anak kapag nagpantay na ang kanyang mga paa?

Paano itinatawid-dagat ng isang ina ang kalinga't pagmamahal?

Mga tanong itong ibinabato sa kamalayan ko matapos kong "malaman" ang tungkol sa samutsaring katunayan at katotohanang kimkim ng malawakang pagdayo sa mga lupalop ng mundo para magtrabaho, ng mga inang pinapasan na ang pagbuhay sa pamilya. Nalaman kong nangungulila sa "buhay" ang may sampung milyong batang naiwan ng mga Filipinong inang migranteng manggagawa sa Hong Kong, Singapore, Middle East, Europa, at Amerika. Marami nang pag-aaral tungkol dito ang mga iskolar na nagsabing nagdudulot ito ng hindi matatawarang *social cost* sa mga bansang tulad ng Pilipinas, Indonesia, Sri Lanka at Thailand. Tinawag itong care drain na hindi mabuti sa mga nagluluwas na mga bansa dahil sa samutsaring epekto sa buhay ng mga batang "pansamantalang naulila" sa mga ina.

### **Bugtong para kay Balagtas**

Pantas man si Balagtas, mahihirapan siguro siyang sagutin ngayon ang bugtong ng transnasyunalisasyon ng kalinga na malakas na humahatak sa mga kababaihan sa mga kasuluk-sulukan ng mundo. Binabago ng kasalukuyang dibisyon ng gawain sa pagitan ng mga bansang mayaman at mga bansang hirap sa buhay ang serbisyo ng kalinga. Umaasa sa lakas ng kanilang kababaihan, tinutugunan ng Pilipinas ang mga paraan kung paano maidedeliber ang serbisyo ng inang may kulay sa mga batang iba-iba ang kulay

at hugis ng mata. Hindi marahil maubos-maisip ni Balagtas kung paano gagawin ng isang inang tagakalinga ng mga batang ito, ang Filipinong koda sa pagpapalaki ng bata na kontra sa “layaw, luho, saya’t likong pagmamahal” Ngunit, ibang-iba na ang panahon ninyo, sasabihin ni Balagtas. Wala pang “virtual reality” sa panahon namin, idudugtong niya marahil.

Nagkatinig na ang mga inang lumuluwas para magtrabaho kahit nawiwindang ang kanilang mga dibdib sa paglayo sa mga anak na inihahabilin ang pagkalinga sa mga kaanak. Makapangyarihan ang diskurso ng pagsisiwalat sa mga nasulat na tungkol sa kanila at lalong makabagbag-damdamin ang pagbibigay-buhay ni Vilma Santos sa pelikula tungkol sa kanilang pambihirang sakripisyong hanggang noong hindi naisasapelikula ay nalalambungan pa. Kamakailan, saksi ang buong bansa sa pighati ng pamilyang nawalan ng ina at ng anak dahil sa pagbitay sa isang ina (kasama ng iba pa) sa China dahil sa pagkakasangkot sa pagtatrapik ng droga. Testamento ang liham ng pumanaw na ina sa dalisay na pagmamahal sa mga anak na kapakanan nila ang tanging inaalala hanggang sa huling hibla ng hininga.

### **Pabago-bagong panahon, pare-parehong pagka-ina**

Babalik ako sa mga tanong ko kanina tungkol sa mga ina ng mga nandarayuhang mga anak. May pakiwari akong may saysay din ang salaysay ng mga inang katulad nila na kailangan marinig. Isa ako sa kanila at ito ang aking sarilaysay.

Mahigit sa tatlumpung taon ang pagitan namin ng nanay ko nitong sumampa na ako sa sesenta. Maliban sa mataas na presyon ng dugo na binabantayan ng gamot at ng manaka-nakang pagsablay ng gunita, panatag siya at patuloy na nagdarasal na mabigyan pa ng mahabang buhay. Ngunit, hindi tulad noon, kami na ang kumakalinga sa kanya ngayon. Pito kaming buhay sa siyam na mga anak niya na naririto sa Pilipinas at nagtutulong-tulong na lampasan pa niya ang 96 na taon niya ngayon. Wala ni isa sa aming magkakapatid ang

nakaisip na manirahan sa ibang bansa kaya “masuwerte” ang nanay sa paglalagi namin dito; sagana siya sa kalinga.

Ibang iba ang panahon ng nanay sa panahon ng pagiging nanay ko. Noon, sama-sama kami sa isang bahay, at lumalaking namumulat na ang ina ay naiiwan sa bahay at nag-aaruga ng mga anak at ang tatay ay umaalis ng bahay para magtrabaho at magdala ng pagkaing ihahain sa mesa. Pero hindi lubos na karaniwan ang nanay; kahit wala siyang regular na trabaho, lumalabas siya ng bahay para magtinda-tinda o maghanap ng mga “biyaya” para sa pamilyang kulang ang eneentregang suweldo ng asawang manggagawa sa pabrika para sa mga bibig ng siyam na lumalaking mga bata. Kaya naging modelo naming mga babae ang nanay\_\_\_ maparaan, kumikilos, masipag, at makalinga. Hindi siya nakatapos ng pag-aaral pero para siyang abogado o di kaya ay *social worker* sa aming lugar na pinupuntahan ng mga kapitbahay para sa ganito at ganoong tulong. Sa gitna ng hirap, binusog niya kami ng mga “aral” na ang nauukol sa dangal ang pinakabanal sa lahat. “Hindi baleng tayo’y mahirap, hindi naman namin kayo pinakain ng nakaw.” Madalas naming naririnig habang nagkakaisip. May kinalaman siguro itong pagmamahalaga sa dangal kaysa sa luho’t layaw kaya hindi kasama sa mga pinangarap ko ang maging mayaman.

Pangatlo ako sa mga babae na nag-asawa. Nang magkasunod-sunod na rin ang pag-aasawa ng iba pang mga kapatid, naiwang kasama ng nanay ang tatlo kong kapatid na hindi nag-asawa. Nagkapamilya na nga ako’t nag-anak ng tatlo. May trabaho ako bago mag-asawa at nagpatuloy sa pagtuturo hanggang ngayon. Hindi ako kasama sa tribu ng mga babaeng tumitigil sa trabaho kapag nag-aasawa. May bagong kamalayan ako at mga ka-dekada setenta na ang pagtatrabaho ng babaeng may-asawa ay isang bagong pahina sa kasaysayan ng mga babaeng “malaya.” Inupa ko sa ibang babae o kasambahay ang mga gawaing bahay at ang araw-araw na pag-aalaga sa mga anak ko habang nasa unibersidad ako at nagtuturo. Umaalalay naman ang nanay ko’t biyenan na parehong byuda na sa tuwing manganganak ako at m iba pang

anak nila. Ikinatwiran ko sa sarili na hindi importante ang mahabang oras na kasama ang mga anak. Mas importante ang kalidad sa mga oras na kasama sila. Panggamot ang katwirang ito sa sinasabing nararanasan ng maraming inang nagtatrabaho\_\_\_\_ ang sumbat ng budhi o *guilt* na sinasabi ng mga sikolohista. Sang-ayon naman sa karaniwang pag-iisip, bumabalong ang damdaming ito sa kamalayang hinulma ng nakagisnang diwain ng pagka-ina. At wala namang tunay na nakaliligtas sa hurnuhan ng diwaing ito. Napakahusay nitong hinihigop ang mga batang babaeng lumalaki't nangangarap na maging ina pagdating ng takdang panahon. Hindi ako nakaligtas sa hurnuhang ito. Kaya nang kailanganin ako ng anak na nasa Amerika, walang pagdadalawang isip akong bumiyahe para samahan siya at alagaan matapos ang pagpapaospital niya. Ganito siguro ang pagbabayad ng utang sa hindi naibigay na panahon sa lumalaking mga anak na mas mahaba pa ang oras na kasama ang ibang taong nag-aalaga dahil ang inang dapat kumalinga ay kailangan ding maghanapbuhay at magkabuhay.

Nag-umpisa na ang pangingibang bayan ng Filipino para magtrabaho. Noong dekada setenta at mga sumunod dito, inakit ang mga lalaki palabas ng Pilipinas patungo sa Middle East para maging *construction worker* o di kaya ay hinalina ng mga barko para maging *seamen*. Mga tatay ang karaniwang lumuluwas samantlang na-iiwan ang maraming nanay na gumaganap ng dobleng metapora ng ilaw at haligi. Ni minsan, hindi sumagi sa isip naming mag-asawa na sumanib sa hukbo ng mga nag-aral na ang tuloy-tuloy na pagluwas ay lumilikha ng *brain drain*. Nakapagtataka na ako, na sabi ng nanay ay may nunal sa talampakan ang hindi nag-isip na magturo sa ibang bansa, gayong hirap sa maliit na suweldo ng empleyadong gobyerno. Ipinirmi kami, marahil, sa pagbubulay-bulay ko ngayon, ng paniniwala naming mag-asawa na kailangan kami ritong kumilos para sa minimithing pagbabagong lilikha ng pantay na pagkakataon para sa pinakamaraming Filipinong naghihirap dahil sa kakulangan ng panlipunang katarungan. Sa madaling salita, kimkim

namin ng aming henerasyon ang pananaw na ang ang mundo namin ay hindi ang pamilya lamang kundi ang buong sambayanang naghahanap ng kalinga. Ngunit nanukso ang kapalaran. Inalok kaming mag-asawa na magturo sa Japan, pagkakataong kusang dumulog at hindi binantayan. Kapalaran ito, sa paniniwala ko dahil ni sa hinagap ay hindi ko naisip na ngayong may pamilya na ako at saka pa mangingibang bayan. Noong dalaga pa ako, nasisiguro ko na kung hindi ako nahagip ng idealismo ng kabataan noong Unang Sigwa, malamang na nakatanaw ako sa lupain ng gatas at pukyutan, katulad ng marami kong kaklase sa hayskul, palibhasa'y babad na babad kaming mga iniluwal ng unibersidad sa pag-iisip na ang kahusayan at kasaganaan ay naghihintay sa amin sa Amerika. Katunayan, ang napangasawa ko ay maaaring iba (o maaari rin namang hindi ako nakapag-asawa) kung hindi kami nagtagpo sa kilusan noong kasalukuyang masigabo ito sa mga pamantasan dahil plantsado na ang damit at dokumento niyang bibitbitin para magdoktorado sa Amerika.

### **Long distance at kuwentuhang itineyp**

Kapalaran nga na magkasama-sama kaming buong pamilya sa pangingibang bansa sa unang taon namin doon. At nang inihatid kami sa erport ng mga kaanak, ang nanay lang ang hindi makatanggap na kami'y matagal na mawawala.

Sa Asyanong bansa ng mga Hapon, at hindi sa karaniwang destinasyong Amerika namin ipinagpatuloy ang buhay ng isang Filipinong pamilya. Magkatuwang kami noon, magkatuwang pa rin kami ngayon, lalo na't walang kasambahay na sasalo sa mga gawaing bahay. Nag-aral ang mga anak namin sa isang regular na paaralang publiko sa Japan, na Nihonggo ang midyum ng pagtuturo. May nakatokang gawain sa aming pamamahay at pamumuhay mula sa mga magulang hanggang sa mga anak. Maliit lamang ang bahay na lilinisin, maginhawa ang paglalaba't pagluluto, maayos ang pagtatapon ng mga basura. Magaan ang buhay-pamilya. May mga kaibigang Hapon at

Filipinong laging tumutulong sa munting problemang hindi naman talagang problema. Kung hindi usapin ng bituka kasi, hindi ko iniisip na problema. Dala-dala ko pa rin ang itinimo sa pag-iisip ko ng buhay ng isang maralita noong bata ako. Kaya para sa akin, ang mga taon sa bagong kapaligirang malinis, tahimik, ligtas, *efficient* at kumportable ay nakahahalina na tila awit ng malaamat na Ibong Adarna. Ang kabaguhan at ang anyaya ng pagtuklas sa klase ng pamumuhay ng mga Hapon, noong umpisa, ang pinanggagalingan ng pananabik. Para bang pananabik sa ipinangangakong sarap ng mainit-init na pandesal sa umaga. Ginagamot naman ang “paghahanap” namin sa aming ina, mga ka-anak, at mga kaibigan ng mga sulat at *tape recorded* na mga kumustahan. Kung dinadalaw ng lungkot, ginagamot ito ng paulit-ulit na pakikinig sa syempre, masayang kuwentuhan at balitaan sa mga naipon nang *cassette tapes*

Pumutok ang lobong mundong kinaroroonan namin pagkatapos ng isang taon. Uuwi na ang panganay namin para ipagpatuloy ang pag-aaral niya sa Pilipinas. Ito ang umpisa ng kawing ng mga pangyayari sa buhay-pamilya na magdudulot ng lungkot at ligalig na dulot ng mga “paghihiwalay.” Dati rati’y *long distance* ang kumbersasyon, ngayon ay *long distance* ang magiging mga relasyon.

### **Hindi nagpapatao-po ang pangungulila**

Hindi kayang sabihin at ipadama ng mga salitang pangungulila, pag-aalala, insomnia, tamilmil na pagkain, malalim na buntung-hininga, mababaw na ligaya, o malabnaw na tawa ang lahat ng nararamdaman ng isang ina kapag nalalayo sa kanyang mga anak, kung hindi man ng lahat ng ina, ng naramdaman ko bilang ina. Lalo pang pinabigat ito nang yanigin ng lindol noon at tabunan ng abo ng Mt. Pinatubo ang kamaynilaan sa bungad ng dekada nobenta. Nasa eskwela ang panganay namin nang lumindol sa Kamaynilaan at mga karatig-pook. Hanggang hindi namin siya nakakausap, pinalalala ng mga sumasalimbay na pangamba ang ligalig at alumpihit.

Salamat sa taimtim na dasal ng isang ina, pinakinggan siya ng Ina ng Laging Saklolo at ligtas ang kanyang panganay. Isa itong pagkakataong gusto mong umuwi't damayan ang anak at mga kaanak pero para kang presong ipinipiit ng kontrata't mga "hindi pwede." Isang madaling araw pagkatapos noon, nanaginip ako na natutulog ako at nagising na humihiwalay ako sa katawan ko, lumilipad patungo sa Pilipinas na parang si Darna, at hinahanap ang anak. Sa kuwentong pambata ni Edgar Samar, pinapaniwala ng ama ang anak na si Darna ang nanay niya at may superkakayahan iyon. Sa panaginip ko, ako si Darna na bibisita sa anak ko pero hindi magpapakita. Matagal ang paghahanap at nakahahapo. Pagkaraang makitang natutulog siyang katabi ng kanyang lola, lumipad na ako pabalik sa Onohara at nagising na naliligo sa pawis. Naririnig ko pa ang kabog ng aking dibdib. Hindi ko ito agad sinabi kahit kanino, hindi paris ng ibang pagkakataong nananaginip ako ng masama at agad ikukuwento para maibsan ang sindak.

Matapang at matigas ang kalooban ni *sensei*. Iyan ang nababasa ng mga tao sa pakitang-tao ko. Ngunit minsan, habang nagkaklase ako, parang *gate* ng napunong dam na nabuksan ang bumabalong na lungkot at parang along rumagasang winasak ang dibddib. Humagulgol ako sa harap ng klase ko at nagtataka ang mga estudyante kong Hapon kung ano ang nagawa nila't tila namatayan ang kanilang guro. Ipinaliwanag ko, pagkatapos na naalala ko lamang ang aking panganay dahil sa pinag-uusapan naming sanaysay. Nahihiya naman akong napag-usap-usapan pa sa maliit na sirkulo namin doon ang pangyayaring ito na hindi na naulit.

### **Transnasyunal na pamilya na**

Makaraan ang dalawang taon, maiiwan ako at ang bunso para sa isa pang taon ng kontrata ng pagtuturo. Uuwi na ang asawang kailangan nang bumalik sa pagtuturo niya sa Maynila at balik-eskuwela na rin ang pangalawang anak na babae. Sa pagkakataong ito, isa na kaming estadistika sa bilang ng mga tinawag ng mga iskolar na pamilyang transnasyunal. Isang dati rati'y nukleyar

na pamilyang binubuo ng tatay, nanay at mga anak, naging migranteng pamilya at nabiyak pa sa dalawa: may tatay at absent na nanay na pamilya sa Pilipinas at may nanay at absent na tatay na pamilya sa Japan. Paano ko ilalarawan ang idinulot nitong paghihiwalay sa aking pamilya sa Pilipinas? Hindi ko halos nakilala ang aking asawa nang umuwi kami ng bunso ko para magpasko. Nangalahati ang pangangatawan niya't namuti ang buhok. Mas nakakaangkop o *resilient* ang mga bata. Hindi ko sila naringgan ng anumang reklamo. O marahil, hindi nila naramdaman ang pagiging absent kong nanay dahil sa ginampanan ng kanilang tatay ang papel ko. O marahil, hindi lang nila naramdaman ang pagiging absent kong nanay dahil mas nakatuon ang pansin nila sa kani-kanilang sariling paglalakbay. Isang nasa hayskul at isang nasa unang taon sa kolehyo, nasa edad sila na tapos na sa pagdungaw, gusto na nilang galugarin ang mundo sa labas ng bahay. Anuman ang dahilan, natutuwa na rin ako.

Sa pagbabalik namin ng bunso ko sa Minoh, nagparoo't parito ako sa sigla at siphayo. Magaan ang pakiramdam ko kapag naiisip na kulang na lamang sa isang taong ang ilalagi roon at makakauwi na para muling mabuo ang pamilya. Sasagihan naman ng inip na at pagkatapos, ng malalim na lungkot sa araw-araw na idinadaos ang pananatili roon. Noong unang gabing naiwan kami ng aking bunso, nagkataon pang may kakaibang nangyari. Pinagmulan ito ng matinding nerbyos na hindi na humiwalay sa akin mula noon. Nahulog din ang katawan ko bago umuwi at tuluyang nagkasakit dahil sa maraming alalahanin. Patapos na ang winter at sa ganitong panahon karaniwang nangyayari ang sinasabing "pagkasira" ng ilan na hindi makayanan ang depresyong dulot ng taglamig. Matutulog na kami nang biglang may bumayo sa pinto ng apartment na yari sa makapal na bakal. Matagal bago ako nakakilos, nanlalaki ang ulo ko't kinakabog ang dibdib. Nang magkalakas ng loob, sinilip ko ang nasa pintuan. Isang babaeng nasa edad na lampas beinte, may dalang supot na plastik at walang hinto sa pagrumpi sa pinto. Mabilis kong naisip na tumawag sa kaibigan naming mag-asawang Amerikanong

propesor at Haponesa na nasa kabilang bilding. Sa madaling salita, nalaman naming sa Onohara din nakatira ang babaeng ito na nag-isip na bahay niya ang apartment na tinutuluyan namin at nang hindi mabuksan sa kanyang susi ang pinto ay “nagwala.” Makalawang araw pa, nakita ko siyang kasama ng hinulaan kong nanay niya at namimili sila sa supermarket sa malapit sa aming lugar. Mula noon, para akong na-trauma at paulit-ulit kong sinisiguro sa gabi na nakakandado ang pinto at nakasabit ang kadena. Mahirap din pala na ang seguridad ng pamilya na dati rating trabaho ng asawa ay kasama na sa mga gawain ng ina. Ganito rin kaya ang nararamdaman ng milyong babaeng naiiwang mangalaga sa kanilang mga anak habang migranteng manggagawa ang kanilang mga asawa? Ang mga karanasang ito na kaakibat ng mga damdaming tinukoy ko ang hindi nahuhuli sa estadistika ng buhay-migrante.

### **Umiilap ang pagsasama**

Sadya yatang “kapalaran” ko rin na magka-anak ng mga adbenturera. Hindi pa lilipas ang pitong taon at magpapaalam ang panganay ko para magdoktorado sa tulong ng iskolarsyip na nakuha niya. Itinulak kaya naming mag-asawa siya sa pangingibang bansa dahil sa walang katapusang diskurso ng tagumpay at kahusayan na ipinalagay na naming hindi mangyayari kung narito lamang sila? O marahil ay may sariling galaw ang larang na pinili niyang puntahan? Sampung taon, mula noong umalis siya patungo sa Baltimore Maryland, nagbago ang maraming bagay\_\_\_\_\_ naging doktorado siya sa Biochemistry, nag-asawa, nag-post doctoral studies at isang bagong ina na rin dalawang taon na ngayon. Sa yugtong ito ng aming relasyong mag-ina, hinamon at hindi naging madali ang pagkalinga sa anak na nasa malayong lupalop. Pinadaloy ng *email at skype* ang paghuhuntahan, paghilingahan ng mga sama ng loob, pagsasanggunian sa mga problema, pagpapalitan ng mga *joke*, pagkukuwentuhan sa pelikulang napanood o librong nabasa, pagtsitsismisan sa mga kasama sa opisina at sa mga kamag-

anak, pagbabatian sa araw ng kompleanyo at anibersaryo at pagbabalitaan sa paglaki ng kinasasabikang unang apo.

Anim na buwan matapos ang unang trabaho ng pangalawang anak na babae, nagpaalam na siya na lilipad sa Singapore dahil doon na lilipat ang operasyon ng multinasyunal na kompanyang pinapasukan niya. Wala pa halos dalawang taon itong pangigingibang bayan niya mula nang umalis ang nauna. Mula noon hanggang ngayon, naging parang Quiapo ang Amerika at Europa sa dalas ng paglipad-lipad niya. Naidaraing man niyang mahirap ang buhay na ang bahay ay nasa isang maleta, wala naman akong magawa para aliwin siya liban sa pagsasabing tigilan na niya kapag hindi na siya masaya. Nariyang hikayatin ko siyang magsulat dahil *therapy* ang pagsusulat at pagkatha, na nagawa naman niya. Naiibsan ang lungkot namin sa tuwing umuuwi siya kung kapaskuhan at tuwing nagpaplano siya ng mga paglalakbay namin kasama siya sa mga bansa sa Asya, paris sa Bali, Indonesia, sa Hong Kong, sa Vietnam, Cambodia, Bangkok at Kuala Lumpur. At kaming dalawa, sa Barcelona. Espesyal ang bonding sa mga pagkakataong tulad nito. Parang sapin-saping kakanin kami sa isa't isa. Sa kabila nito, hindi pa rin lubos ang ligaya dahil laging kulang kami ng isa. Kaya naantig ang kalooban, ngunit, napahanga rin sa pagkamalikhain nang magpakuha kami minsan, sa tabing dagat na isinulat sa buhangin, sa malalaking letra ang pangalan ng kapatid nilang nasa Amerika at hindi namin kasama, at saka nagpakuha ng retratong recuerdo ng pagpunta sa lugar na iyon. Nang mag-asawa siya, hindi lungkot na karaniwang nararamdam daw ng mga magulang ng ikinakasal na anak ang totoong nadama ko. Lubos ang saya at pasasalamat ko sa Diyos na may kasama na ang aking pangalawang anak na magbibigay sa kanya ng seguridad at ligayang karapat-dapat sa kanya.

Hindi lamang ang mga pamilya ng migranteng inang nagtrrarabaho na *caregiver* o di kaya ay *domestic worker* ang nakapagpapatuloy sa gawain ng pagiging ina o *mothering* kung turan ng mga iskolar. Ang mga inang naiiwan ng mga anak na namumuhay sa ibang bansa sa iba-ibang kadahilanan ay

nakapagpapatuloy rin ng pagganap sa papel ng isang ina. Kung totoo ang sinasabi sa mga saliksik ng mga iskolar sa bagay na ito, at wala namang dahilang pagdudahan ito, na hindi nararamdaman ng mga batang may inang migranteng manggagawa ang matinding emosyon ng paglisan o pakiramdam na inabandona sila kapag nagagawa ng mga ina, sa tulong ng abanteng teknolohiya ng *cellphone* at *skype* ang madalas at regular na pakikipag-usap sa kanilang naiwang pamilya. Importante ito, sabi pa ng mga dalubhasang sosyolohista't sikolohistang Filipino dahil ang napaka-importanteng pagtutunguhan at pagtatalamitan o intimacy sa relasyon ng ina at anak, para sa kultura ng mga Filipino, at ng mga Asyano, sa kalakhan, na napananatili kahit paano, sa paraang virtual.

Walang iniwan na rin ngayon para sa akin ang pangarap na tumama sa loterya at ang pangarap na magkasama-samang muli ang lumaki nang pamilya. Hindi na pinahihintulutan ng mga espesipikong kalagayan ng mga anak ang pagkakataong ito. Ang pangalawang anak na babaeng hindi kapwa Filipino ang napangasawa ay malayong manirahan sa Pilipinas. Malaking pasasalamat na ngang ang Europeong manugang ay nagdesisyong manirahan sa Asya para magkasama sila ng aking anak. Naroon kasi ang hanapbuhay at pag-unlad na ipinatatanaw sa mga katulad nilang labas-masok sa mga bakuran ng kompanyang buong mundo ang kalakalan. May higing ng pagbabalik -bayan ang panganay at pamilya niya, bagay na nagbibigay sa akin ng lihim na ligaya. Ngunit, nagbabanta rin namang bawiin ito sa sandaling matuloy nga sila. Natuklasan ko nitong nagtratabaho na silang lahat na may pinagkasunduan pala silang magkakapatid. Tinawag nila itong "one child policy." Hindi ito kinopya sa patakaran ng bansang China sa populasyon. Nakuha pala nila ang ideya sa itinawag nila sa noong bata pa sila na ipinatupad naming patakaran sa paglabas-labas nila para dumalo sa party o iba pang gawain. Isa-isa lamang kasi ang pinapayagan at hindi maaaring magsabay-sabay. Ngayon, sila naman ang nagpapatupad ng patakarang ito para sa amin. Maiiwan ang isa, samantalang nasa ibang bansa ang dalawa. At ngayon ngang nahihigangan ko

ang bakasakaling “pag-uwi” na ng isa, naroon naman ang malaking pagkakataong humalili ang isang hindi pa nakakaalis. Mapipigilan ba ng isang ina ang anak na naghahanap ng kapalaran niya? Hindi man naisin, ang mga “bata” ay aalis at aalis na paris ng mga bata sa ating mga kuwentong bayan para galugarin ang kagubatan, makipagsapalaran, matutong mabuhay sa kanilang sariling talino’t huwisyong at maging isang baguntau. Lamang, sa panahon ngayon ng lumiliit na mundo, hindi na lamang Pilipinas ang gubat nilang tutuklasin kundi mga sulok-sulok ng mga kontinente ng mundo.

### **At maghahanap ng landas na parang tubig ang kalinga**

Binabago nang husto ng global na ekonomiya ang estruktura ng pamilya sa Pilipinas at sa iba pang bansa sa Asya na nagpapadala ng migranteng manggagawa sa alinmang pook na nagbubukas ng hanapbuhay sa kanila. Sa karanasan ko, binabago rin nito ang mga paraan ng paglingap at pagkalinga ng mga magulang sa kanilang mga anak, sa sarilaysay ko, sa mga nangibang bayan ding mga anak.

Pinaaalala sa akin ng retrato ng nanay kong karga-karga ang wala pang tatlong buwang panganay ko ang paroo’t parito niya sa bahay namin araw-araw sa Malabon mula sa Almeda para alagaan ang unang apo niya sa akin. Halili sila ng biyenan ko noon- morning shift ang nanay at afternoon shift naman ang biyenan ko dahil hindi sila panatag na sa katulong lamang iniwan ang pag-aalaga. Hindi ko hiniling sa kanilang gawin ito. Sila ang nagkusa. Nang ako naman ang magka-apo, bumiyahe ako at tinawid ang *international dateline* para alagaan ang nanganak na anak at kasisilang na apong babae. Hindi ako talagang nakakatulog sa eroplano kahit matagal ang biyahe, pwera na lang kung sinasamahan na ng pagod ang antok, pero sa pagkakataong ito, pananabik sa apong akala ko’y hindi na darating sa buhay naming mag-asawa ang gumigising sa akin. Halos tatlong buwan iyon ng malalim na sayang hindi kayang tapatan ng mga salita. Inilaan ko na ang sarili sa pagpupuyat dahil naaawa sa mag-asawang kulang na kulang sa pahinga. Magaan ang katawan ko kahit mahina ako sa puyat at binubusog sa hele’t karga ang apo hanggang sa makatulog. Habang bumibigat siya, nakakaramdam din ako ng pananakit ng likod, pero balewala ito at isang ngiti lang o hagikgik sa di malamang dahilan o tunog, at parang white flower na itataboy nito ang ngalay. Siguro kung me nakakarinig sa akin sa oras na kinakanta ko ang “Ugoy ng Duyan,” ni Lucio Sanpedro at Levy Celerio, sa interpretasyon ni Lea Salonga, iisipin nilang may nagprapraktis

para sa isang konsiyerto. Ang tinis kaya ng boses ko o ang lamyos ng mga salita ang nagpapatulog, lalo na sa parteng:

Sana'y di nagmaliw ang dati kong araw  
Nang munti pang bata sa piling ni nanay  
Nais kong maulit ang awit ni inang mahal  
Awit ng pag-ibig habang ako'y nasa duyan

Sa aking pagtulog na labis ang himbing  
Ang bantay ko'y tala, ang tanod ko'y bituin  
Sa piling ni nanay, langit ay buhay  
Puso kong may dusa sabik sa ugoy ng duyan

Nang magaan-gaan na ang pagpapatulog at pagbabantay, sinasabayan ko na rin ng pananahi ng mga damit niya na inaakala kong ilang buwan lang ay maisusuot na niya. Bumalik ang pagkamananahi ko noong nasa hayskul pa ako. Mabilis na tumalilis ang mga araw na hindi ko napapansin sa aliw at giliw sa aking apong pinakamaganda sa balat ng lupa at pinakamabait sa lahat ng bata. Liban noong minsan. Sa hindi maintindihang pangyayari, walang tigil na pag-iyak dahil sa matinding kabag ang nagpahirap sa kanya at sa aming lahat. Nakahanda naman ang mag-asawa at kumpleto ang *emergency kit* para sa ganitong mga abrerya. Naalala ko na sa Pilipinas, mansanilyang inihihilot sa tiyan at ipinapatak sa pusod ang remedyo ng nanay ko. Nang mapunta ako sa Berkeley ay pilit akong nagpasama sa botika para bumili ng mansanilla na kung tawagin sa Ingles ay *chamomile*. At naalala ko rin at ikinuwento sa manugang ang karanasan namin nang sumpungin ng matinding kabag ang asawa niya noong kapapanganak ko rito at kalalabas namin sa ospital. Panahon ng Martial Law noon at may *curfew*. Lampas alas dose na ng gabi nang kailanganin naming ibalik sa ospital sa Batangas St. sa Maynila, ang anak ko na nangingitim na sa kaiiyak. Doon namin nakita na hindi basta-basta makagagalaw sa gabi dahil sa mga *check point* na kailangang daanan namin bago nakarating sa ospital. Kung gaano ang hirap ng loob at pag-aalala, ganoon naman kabilis napalis ito nang makadighay at mautot ang sanggol na

ngingiti-ngiti pang iniabot sa akin ng doktor. Ipinaalala niya ulit na kailangang padighayin o i-burp kada pagpapasuso.

Pansamantala lamang ang pamamalagi ko sa piling ng mag-asawa at ng apo. Hindi tulad ng nanay ko, may trabaho akong kailangang balikan sa Pilipinas. Habang lumalapit ang araw ng pag-uwi, at kapag nag-iisang hinehele ang apo, pinipigil ko ang luhang bumabalong sa mga mata ko tuwing inaawitan ang idinuduyang apo. Pagdating nga ng takdang panahon na tila galaw ng kwerdas ng orasang hindi mapipigilan, inhatid nila ako sa erport, mabigat ang paa, may kirot at kaba. Sampung buwan pagkalipas, sila naman ang dadalaw at mapupuno ng galak at saya ang buhay namin, pansamantala. Kaya naman nang bumalik na sila, pina-blow-up naming mag-asawa ang mga kuha nila, lalo na ng apo unica, ipinakuwadro at isinabit sa mga dingding. Araw-araw, bukod sa pansamantalang pagtunghay sa apo sa oras ng pakikipa-skype, isa-isa kong tinititigan ang mga retratong nagpapa-alala sa akin sa halakhak, yakap, at “palabas” na pumuno sa isang buwang pagsasama. Alam ko na ngayon ang puno’t dulo ng pagkabaliw ng mga kaibigan kong nauna sa aking maging lola.

### **Paano na sa pagtanda**

Ilang taon na lamang at magreretiro na rin ako. Parang masaya, pero may pangamba. Inaalala ko na kung hindi na ako nag-oopisina at abala, titingkad ang pangungulila sa mga anak at sa apo. Kaparis ng nanay ko, idinadasal kong maging ligtas sa sakit at laging may sigla para sa “bakasakaling” pagbabago ng ihip ng hanging magdadala sa mga anak at sa apo’t magiging mga apo pa, sa Pilipinas, para magbalik-bayan na. Nakikini-kinita ko na kung paano ako magiging “abalang masaya” sa tuwing dadalaw sila sa amin, paris nang ginagawa naming pagdalaw sa mga lola nila noong maliliit pa sila. Kung magkakaganito, daig ko pa ang nanalo sa superlotto. Aber mawaldas pa ang inipon ko noong kumikita pa. Kung hindi naman, kailangan ko pa rin ang lakas

at sigla para magparoo't parito saan mang lupalop naroon sila para sa mga panahong kailangan nila ang kalinga o kasama.

Pinapag-iisip na rin ako ng karanasang ito sa maaaring mangyari, kung hindi pa nangyayari, sa malapit na hinaharap sa mga katulad naming mga magulang na naiiwan sa Pilipinas ng mga anak na namumuhay sa ibang bansa. Ito naman ang pagkalinga sa mga tumatanda. Nararanasan ko sa pag-aalaga namin sa aming ina ang mga paghamon sa aming kakayahan, pinansyal at emosyunal ng patuloy na pagkalinga at pagmamahal sa magulang na lubos nang nakasandig na parang bata, sa aming pag-aaruga. Hinahamon nito kung gaano kataimtim ang pagmamahal ng anak sa magulang. Pagdating ng panahong ito, kung kapalaran ko rin ang makarating sa ganitong kalagayan, hindi ko na nanaising harapin ng mga anak namin ang mga hamong ito. Hindi sa pinangungunahan ko sila ng bait. Lamang, nakikini-kinita kong darating ang panahong lalong magiging mahirap para sa kanila at mga katulad nila ang tumalima sa tradisyunal na gampaning ito ng anak sa magulang dahil na rin sa mga radikal na pagbabago sa mga institusyon at sistema sa lipunan. Pagsapit ng panahon kong iyon, maging mahusay sanang umuubra ang sistema ng publikong pamilya na titiyak sa pagkalinga sa mga ina't amang sa katandaan ay nagmimistulang mga bata na.

[Wakas}